Santa Clara County PUBLIC HEALTH

ABISO NG INYONG KARAPATAN NA TUMANGGAP NG PAGSUSURI SA COVID-19 MULA SA INYONG HEALTHCARE PROVIDER

Bilang Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Santa Clara County, **ang inyong healthcare provider ay KINAKAILANGAN NA MAGBIGAY SA INYO NG PAGSUSURI SA COVID-19 kung natutugunan ninyo ang ALINMAN sa mga sumusunod na pamantayan:**

1. Kayo ay may anumang mga sintomas ng COVID-19;
2. Kayo ay nalantad sa isang taong nasuring positibo sa COVID-19; o
3. Kayo ay kinakailangan o inirekomenda na magkaroon ng pagsusuri sa COVID-19 sa ilalim ng mga patnubay ng Estado o County (Ang mga healthcare facility ay hindi kinakailangan na magbigay ng regular na surveillance testing sa mga estudyante sa K-12, ngunit dapat magbigay ng lahat ng iba pang mga pagsusuri na inirekomenda o kinakailangan para sa mga estudyante sa K-12).

Kung kayo ay napabilang sa isa sa mga kategoryang ito, dapat kayong humiling sa inyong healthcare provider ng isang pagsusuri sa COVID-19. Ang inyong healthcare provider ay maaaring magtanong sa inyo kung kayo ay napabilang sa isa sa mga kategorya sa itaas, ngunit hindi maaaring mangailangan ng katibayan.

Kung kayo ay napabilang sa isa sa mga kategorya at humiling ng isang pagsusuri, ang inyong healthcare provider ay DAPAT magbigay sa inyo ng isang pagsusuri sa COVID-19 (PCR o antigen) sa loob ng 24 na oras. Ito ay ang patakaran kung kayo ay personal o remotely na humiling ng pagsusuri.

Ang inyong healthcare provider ay maaaring magsabi sa inyo na pumunta sa ibang klinika o testing center na pinapatakbo ng parehong healthcare provider sa loob ng county (o sa labas ng county kung nasa loob ng 10 milya ng inyong tahanan) kung kailangan para matiyak na matanggap niyo ang pagsusuri sa loob ng 24 na oras. Ang inyong healthcare provider ay hindi maaaring, gayunpaman, magsabi sa inyo na pumunta sa isang lokasyon na pinapatakbo ng iba pang organisasyon, kabilang ang mga pampublikong testing sites ng County.

Kung kayo ay nakatanggap ng isang pagsusuri na batay sa laboratory (hal. PCR), dapat kayong tumanggap ng inyong mga resulta sa loob ng 72 oras.

Ang mga ligal na umiiral na mga kinakailangan ay nangingibabaw sa anumang iba pang mensahe na natanggap niyo mula sa inyong healthcare provider tungkol sa pagiging limitado ng pagsusuri.

MANGYARING MAGSUMITE NG REKLAMO KUNG ANG MGA PATAKARANG ITO AY NILABAG

Kung ang inyong healthcare provider ay nabigo na matugunan ang mga pamantayan sa itaas, o kayo ay may iba pang mga reklamo o inaalala tungkol sa pagsusuri sa COVID-19, mangyaring ipagbigay-alam ang mga ito sa Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccCOVIDconcerns.org.

Revised Date: 1.31.2022